Doktrina at mga Tipan 30–36
ABRIL 5–11

# Paano pinagpapala ng Panginoon ang mga naglilingkod sa Kanya?

Matapos sabihang iwan ang kanyang pamilya para magmisyon, pinangakuan si Thomas B. Marsh ng maraming pagpapala sa mga sakripisyong ginawa niya para makapaglingkod (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 31:2, 5, 7).

Kasama si Brother Marsh, marami ang nakatanggap ng mga pagpapala nang hangarin nilang itatag ang ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon sa iba't ibang dako ng mundo. Isang halimbawa sina Johann at Theresia Huber, na tumulong na itatag ang Simbahan sa Austria noong unang bahagi ng 1900s.



*Sina Johann at Theresia Huber kasama ang kanilang mga anak noong bandang 1898.*

**Pananampalataya sa Harap ng mga Paghihirap**

Nang mabinyagan ang pamilya Huber sa Simbahan at lisanin nila ang Katolisismo, ang nangingibabaw na relihiyon sa Austria, maraming lumitaw na mga problema sa batas at lipunan. Nang malaman ng mga tao na hindi nangungumpisal ang mga anak ng mga Huber, nagbanta silang aalisin ang mga bata sa kanilang tahanan. Sinabihan pa ng iba si Theresia na iwanan si Johann.



Die Kirche Jesu Christi der Heiligen der Letzten Tage

Tauf-Schein

Dies bestätigt die Taufe des Mitgliedes Johann Huber

vom ... vollführt

in der ... Gemeinde.

..., den ... 19..

Joh. Huber
Gemeinde-Präsident

*Ang membership record ni Johann Huber.*

**Mga Pagpapala at Bagong Oportunidad**

Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig, naglaho ang dating mga paghihigpit sa relihiyon, na nagtulot sa mga tao na mas malayang ipamuhay ang kanilang pananampalataya. Binantayan ng Panginoon ang pamilya Huber nang patuloy nilang ibahagi ang ebanghelyo, at hindi nagtagal ay nagsimulang magpulong ang isang maliit na branch sa kamalig ng mga Huber. Tinawag si Johann na maglingkod bilang unang branch president sa Austria. Naglingkod siya nang 25 taon.[1]



*Ang unang serbisyo ng pagsamba ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Austria ay ginanap sa granary ng mga Huber na nasa larawang ito.*

**Talakayan**

Paano napagpala ng Panginoon ang inyong pamilya sa paglilingkod ninyo sa Kanya?

TALA

1. Tingnan sa "The First Branch in Austria," ChurchofJesusChrist.org/study/history/global-histories.

IBABA: RETRATONG KUHA NI ROGER P. MINERT